

COORDINATED FAMILY SUPPORT (CFS) FACT SHEET PARA SA MGA CONSUMER AT PAMILYA

Ano ang CFS?

Ang CFS ay isang bagong serbisyong partikular na idinisenyo para sa mga adult na may mga kapansanan sa paglaki na piniling manirahan kasama ang kanilang pamilya. Ginawa ang CFS bilang tugon sa input mula sa mga pamilya tungkol sa kakulangan ng mga available na serbisyo para sa mga adult na consumer na piniling manirahan sa bahay ng pamilya.

Ang serbisyo ng CFS ay iaangkop, gagawing pang-indibidwal at magiging flexible upang matugunan ang mga nagbabagong pangangailangan at kagustuhan ng indibidwal na inihahatid pati sa kanilang pamilya/tagapangalaga.

Mga Suporta ng CFS

Idinisenyo ang CFS upang matulungan ka at ang iyong pamilya na isaayos at iiskedyul ang mga serbisyong natatanggap mo. Ang CFS ay makakatulong sa iyo at sa iyong pamilya na matuto pa tungkol sa iyong diyagnosis at makakatulong sa pagpapalano para sa kinabukasan, at makakatulong din sa iyong matutunan kung paano mag-access ng mga karagdagang serbisyong maaari kang maging kwalipikado. Maaaring magsaayos ang CFS ng pagsasanay para sa mga taong sumusuporta sa iyo upang mas maging handa silang makipagtulungan sa iyo at sa iyong pamilya. Matutulungan ka ng CFS na makatukoy ng transportasyon, mga back-up na provider, at matutulungan kang matuto tungkol sa mga self-advocacy na grupo sa iyong lugar. Ibibigay ang CFS ayon sa iyong wika at sa paraang iginagalang ang iyong kultura. Tutulong kang idisenyo at iangkop ang iyong serbisyo ng CFS.

Sino ang kwalipikado para sa CFS?

Ang CFS ay para sa mga adult (18 taong gulang pataas) na naninirahan kasama ang kanilang pamilya.

Paano ako magsa-sign up para sa CFS?

Kung nakatira ka sa bahay kasama ang iyong pamilya at kung sa tingin mo ay kailangan mo ang CFS, ipaalam sa iyong Tagapag-ugnay ng Serbisyo ng Panrehiyong Sentro. Mag-iiskedyul sila ng pagpupulong ng pangkat ng IPP upang matukoy kung paano makakatulong ang CFS sa iyo at sa iyong pamilya. Kung ni-refer ka para sa CFS, makikipagkita sa iyo at sa iyong pamilya ang provider ng CFS upang mapag-usapan ang tungkol sa kung ano ang gusto mong magawa gamit ang CFS. Ang provider ng CFS, kasama ka at ang iyong pamilya, ay sama-samang maghahanda ng planong tumutukoy kung aling mga serbisyo ang kakailanganin mo ng tulong at kung paano ka matutulungan ng provider ng CFS.

Mga Survey ng CFS

COORDINATED FAMILY SUPPORT (CFS) FACT SHEET PARA SA MGA CONSUMER AT PAMILYA

Interesado ang Department of Developmental Services sa kung paano nakakatulong ang CFS sa iyo at sa iyong pamilya. Hihilingin sa iyong kumpletuhin ang isang napakaikling survey kapag nagsimula na ang mga serbisyo at pagkatapos ay maaaring isa o dalawang beses habang natatanggap mo ang serbisyo. Matutulungan nito ang Department na malaman kung nakakatulong para sa iyo at sa iyong pamilya ang CFS sa kabuuan ng Pilot.



COORDINATED FAMILY SUPPORT (CFS) FACT SHEET PARA SA MGA POTENSIAL NA PROVIDER

Tungkol sa CFS:

Ang Coordinated Family Support (CFS) ay isang bagong serbisyong idinisenyo para sa mga adult na may mga kapansanan sa paglaki na piniling manirahan kasama ang kanilang mga pamilya. Ginawa ang CFS bilang tugon sa input mula sa mga pamilya tungkol sa kakulangan ng mga available na serbisyo para sa mga adult na consumer na piniling manirahan sa bahay ng pamilya.

Ang mga serbisyo ng CFS ay iaangkop, gagawing pang-indibidwal at magiging flexible upang matugunan ang mga nagbabagong pangangailangan at kagustuhan ng indibidwal na inihahatid pati sa kanilang pamilya. Idinisenyo ang CFS upang matulungan ang mga adult na nakakatanggap ng mga serbisyo ng panrehiyong sentro at ang kanilang mga pamilya sa pagsasaayos at pag-iiskedyul ng mga serbisyo at suporta. Matutulungan din sila nitong matutunan kung paano mag-access ng mga karagdagang "pangkalahatang" serbisyo kung saan maaaring maging kwalipikado sila. Makakatulong ang CFS sa pagpapalawak para sa kinabukasan upang malaman ng lahat kung ano ang gustong mangyari ng indibidwal kung magbabago ang sitwasyon ng kanilang pamumuhay. Maaaring magsaayos ang CFS ng pagsasanay para sa mga taong sumusuporta sa indibidwal at sa kanilang pamilya, upang mas maging handa silang makipagtulungan sa kanila. Makakatulong itong makatukoy ng transportasyon at mga back-up na provider. Makakatulong ang mga provider ng CFS na ikonekta ang mga indibidwal sa mga self-advocacy na grupo sa lugar. Ang mga suportang ibinibigay sa pamamagitan ng CFS ay ibibigay sa paraang iginagalang ang kultura, etnisidad, at mga kagustuhan sa wika ng indibidwal at ng kanilang pamilya.

Itinakda ng Department ang rate para sa pagtatasa at probisyon ng serbisyo ng CFS. Maaaring makita ang higit pang impormasyon sa:

<https://www.dds.ca.gov/services/coordinated-family-support-service/>

Mga Potensyal na Provider ng CFS:

Ito ay isang natatanging pagkakataon upang magamit ang kaalaman, mga kasanayan, at mga kakayahang matugunan ang mga dumaraming pangangailangan sa iba't ibang komunidad sa buong California. Hinihikayat ang mga kasalukuyang provider ng serbisyo na isaalang-alang ang pagpapalawak ng kanilang portfolio ng serbisyo para isama ang CFS. Ang ibang may interes sa paglilingkod sa mga indibidwal na may mga kapansanan sa paglaki at sa kanilang mga pamilya, lalo na ang ibang may iba't ibang background, ay hinihikayat ding isaalang-alang ang pagiging provider ng CFS. Aatasan ang mga provider ng CFS na maging "naka-vendorize" sa pamamagitan ng panrehiyong sentro at matugunan ang mga sumusunod na kinakailangan:

- Dapat makipag-ugnayan ang tauhan ng CFS na nakikipagtulungan sa pamilya sa wikang gusto ng consumer at dapat niyang galangin ang kultura ng consumer at pamilya.
- Ang tauhan ng CFS na direktang nakikipagtulungan sa pamilya ay dapat may Associates degree sa larangan ng pag-aaral sa mga serbisyong pantao O 3 taong karanasan sa pagsasaayos/pagsasaliksik ng mga serbisyo.
- Ang tauhan ng supervisor ay dapat may Bachelors degree sa larangan ng pag-

COORDINATED FAMILY SUPPORT (CFS) FACT SHEET PARA SA MGA POTENSIAL NA PROVIDER

aaral sa mga serbisyong pantao O Associates degree sa larangan ng pag-aaral sa mga serbisyong pantao at 3 taong karanasan sa pagsasaayos/pagsasaliksik ng mga serbisyo.

Para matuto pa tungkol sa CFS at sa proseso ng pag-vendorize, makipag-ugnayan sa:

Email ng Resource Development and Transportation Unit
NRSPO@inlandrc.org

